# Point VIEWER Publishing

PVN


## The Word of God



CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

**Matthew 5:13 NIV**

"You are the salt of the earth. But if the salt loses its saltiness, how can it be made salty again? It is no longer good for anything, except to be thrown out and trampled by men."



by: Bro. Ernie Acayan


ISSN : 2704 - 4270 | VOL. 09 | ISSUE NO . 10 | OCTOBER 05 - 11, 2026 | ₱ 15.00


# VP SARA, ITINANGGING KILALA SI GRACIOSO AT WALANG PERANG NATANGGAP MULA RITO

PAHINA 3



## Military action, hindi pa ikinukonsidera ng pamahalaan sa kabila ng patuloy na agresyon ng China sa WPS

PAHINA 3



## Alex Eala, nagtala ng mabilis na panalo sa kanyang debut sa 2026 Asian Games

PAHINA 8

## Leylah Fernandez, tinalo si Talia Gibson sa Singapore Open

PAHINA 8



Fare hike bukas, araw ng Lunes, tuloy na

PAHINA 3

## PH nakasungkit ng 2 pang medalya sa Asian Games mula sa Athletics at E-sports

PAHINA 8

## Mga benepisyaryo ng TUPAD, maaari nang makakuha ng skills certification -DOLE

PAHINA 2



## SMART -ER SOX GenSan TWG Completes User Modules Training and System Validation

PAHINA 2

## Sen. Padilla, di' nakapagsumite ng 'counter-affidavit' sa DOJ dahil may kulang sa reklamo ng PNP-CIDG

PAHINA 3

## Rondina at Pons, pasok na sa quarter-finals ng 2026 Asian Games women's beach volleyball

BASAHIN SA PAHINA 8



## SP Win: Impeachment trial tuloy kahit may petition sa SC

BASAHIN SA PAHINA 2



Weaving has long been closely associated with Filipino women, but across the country, Filipino men are also helping to preserve the craft, carry forward indigenous traditions, and build livelihoods through local handloom weaving.

## Sen. Escudero, nagpasalamat kay pangulong Marcos sa paglagda sa batas na 5-year term ng barangay officials

PAHINA 3

# #WeMenWeave breaks gender stereotypes in local weaving




According to the Department of Science and Technology Philippine Textile Research Institute (DOST-PTRI) DigiTELAzation's SalinHabi Mobile App, an online registry of local weavers and authentic indigenous textiles, men account for 14 percent, or 179, of registered weavers nationwide as of 18 September 2026.

Through its #WeMenWeave program, DOST-PTRI, seeks to recognize and support Filipino men in the weaving sector while challenging stereotypes that associate weaving exclusively with women. The initiative highlights a simple truth, weaving is a cultural tradition and livelihood that knows no gender.

Among those carrying this message is 43-year-old Abra weaver Norman Humpay Venus of LPZ Handloom Woven Products.

Venus entered the weaving industry in 2013. Before becoming a weaver, he was a rice farmer, but the seasonal nature of farming left him with limited sources of income between planting periods. With ample time on his hands, he decided to learn weaving and help his wife, who was already engaged in the craft. He began weaving Kantarines, a traditional handloom textile from Abra and Ilocos Norte, and later learned to weave Binakol, a more intricate Ilocano weaving tradition.

Starting was not easy. Venus encountered comments from people who believed weaving was work meant only for women. Instead of letting the stigma discourage him, he continued learning the craft, determined to contribute to his family's livelihood.

"Nung una po challenge po talaga sa akin. Mostly po kasi babae ang naghahabi. Kaya nung nakikita ng mga tao na naghahabi ako sabi nila trabaho ng babae 'yan bakit mo sinusubukan, sabi ko gusto ko lang makatulong sa pamilya ko, hanggang sa mag-success po kami. Hanggang sa lumaki na po yung business namin nakapagpaa-aral na kami ng mga anak namin." Venus shared.

Venus has since expanded his skills through DOST-PTRI interventions. In September 2025, he trained in the use of a four-pedal handloom weaving machine, a technology introduced by the Textile Institute to improve the weavers' efficiency and create a wider range of weaving patterns.

DOST-PTRI has also supported weavers and local entrepreneurs through the deployment of cotton-based yarns through its Philippine Cotton Weaving Movement, creating locally woven fabrics that have found their way into products developed by designers and showcased in local fashion events which Venus personally experienced.

For Venus, weaving has grown beyond a source of income. His perseverance has inspired others in his community to take up the craft, with some husbands now working alongside their wives and families continuing the tradition across generations.

His children, Louise and Philip, after whom LPZ Handloom Woven Products was named, are also learning the craft. At just 17 and 15 years old and still in senior high school, they are already weaving alongside their parents.

The story of the Venus family reflects how weaving can become more than a livelihood. It can become a bridge between generations, a source of family strength, and a way of keeping Filipino heritage alive.

This year, Venus is also taking part for the first time in the Philippine Handloom Weaving Festival, giving more Filipinos the opportunity to discover and purchase their products. The festival also features the Hinabi Textile Bazaar, showcasing local handwoven products and the rich culture, stories, and creativity behind Philippine handloom weaving.

Like Norman's story, #WeMenWeave continues to amplify the stories of Filipino men who help preserve and advance the country's rich textile traditions while promoting inclusivity in keeping the weaving heritage alive, highlighting that weaving knows no gender and goes beyond social norms.

For more information and inquiries about #WeMenWeave or the projects, programs, and services of DOST-PTRI, you may contact PTRI at ptri@ptri.dost.gov.ph or reach out through their official social media accounts at DOST-PTRI on Facebook.

# Mga benepisyaryo ng TUPAD, maaari nang makakuha ng skills certification -DOLE

Inilunsad ng Department of Labor and Employment (DOLE) ngayong araw, Setyembre 26, 2026 ang 'Skill Pass' kung saan magkakaroon na ng pagkakataong makakuha ng sertipikasyon sa kanilang mga kasanayan ang mga benepisyaryo ng Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged Workers o TUPAD Program.

Sa pamamagitan nito, maitatala ang karanasan, pagsasanay at mga kasanayang nakuha ng mga benepisyaryo habang nagtatrabaho sa ilalim ng TUPAD.

Makikipag-ugnayan ang DOLE sa TESDA, mga lokal na pamahalaan at employer upang mabigyan ang mga kwalipikadong benepisyaryo ng karagdagang pagsasanay at sertipikasyon. Layunin nitong mabigyan ang mga benepisyaryo ng pagkakataong makahanap ng regular na trabaho, makapagsimula ng negosyo o makakuha ng karagdagang pagsasanay matapos ang kanilang pansamantalang trabaho.

# Pres. Marcos, nagpaabot ng pakikiramay sa UAE Vice President sa pagpanaw ng kapatid



Nagpaabot si Pangulong Ferdinand Marcos Jr ng pakikiramay kay United Arab Emirates Vice President at Prime Minister Sheikh Mohammed bin Rashid al Maktoum sa pagpanaw ng kapatid nitong si Sheikh Ahmed bin Rashid al Maktoum.

Si Sheikh Ahmed, na 76 taong gulang, ay deputy chairman ng Dubai police and public security.

Sa isang post online kaagad, sinabi ni Marcos na ipinapaabot niya ang kanyang "Pinakamalalim at taos-pusong pakikiramay" kay Sheikh Mohammed sa pagpanaw ng kanyang minamahal na kapatid.

Sinabi ng Pangulo na nakikiisa ang kanyang pamilya, gayundin ang mga pilipino at ang pamahalaan, sa mga taga-dubai at sa pamilya al maktoum sa pagdadalamhati.

# SP Win: Impeachment trial tuloy kahit may petition sa SC

Tiniyak ni Senate President Win Gatchalian na magpapatuloy ang impeachment trial ni Vice President Sara Duterte kahit may inihain nang petition sa Supreme Court na kumukuwestiyon sa proseso ng paglilitis. Ayon kay Gatchalian, walang inilabas na temporary restraining order (TRO) ang Korte Suprema kaya walang dahilan upang ihinto ang impeachment trial.

Sa katanungan kung paano magpapatuloy ang paglilitis sakaling piliin ng defense panel na hindi dumalo sa mga susunod na pagdinig.

Sinabi ni Gatchalian na tungkulin ng impeachment court na ipagpatuloy ang paglilitis at magpasya basta may quorum ng senator-judges. Binigyang-diin niya na desisyon ng defense panel kung pipiliin nitong hindi dumalo. Samantala, sinabi rin ng Senate President na wala siyang naririnig na plano mula sa mga senator-judge na hindi dumalo o lumahok sa botohan. Aniya, maging ang mga miyembro ng minority ay patuloy na dumadalo sa mga aktibidad ng Senado. Tungkol naman sa usapin kung dapat ay aktuwal na dumalo at makilahok ang mga senator-judge upang maging kuwalipikado ang kanilang boto, sinabi ni Gatchalian na susundin ng impeachment court ang naging ruling nito.

Kung maglalabas naman ng bagong desisyon ang Supreme Court kaugnay ng mga petition, sinabi ni Gatchalian na saka na nila ito haharapin kapag may aktuwal nang ruling. Sa ngayon, malinaw aniya ang posisyon ng impeachment court: tuloy ang impeachment trial.

# SMART -ER SOX GenSan TWG Completes User Modules Training and System Validation

The Department of Science and Technology (DOST) SOCCSKSARGEN, in partnership with the University of the Philippines – LUNGSOD Team, continued the implementation of the SMART-ER SOCCSKSARGEN Project through the conduct of the User Modules Training and User Acceptance Testing (UAT) for the City Government of General Santos on September 7–8, 2026, at CPPMO, City Government Compound, General Santos City.

The two-day activity formed part of the project's continuing efforts to strengthen a more data-driven, coordinated, and technology-enabled emergency response system for local government units. It focused on familiarizing the members of the SMART-ER General Santos Technical Working Group (TWG) with the system's user modules, operational workflows, and platform functionalities prior to wider deployment and implementation.

During the opening program, City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) head Dr. Bong Dacera Jr. welcomed the participants and expressed the city government's support for the project. Drawing from his experience in emergency response, he emphasized the importance of having an integrated digital platform that can improve the flow of information, support timely decision-making, and strengthen coordination among responders during emergencies and disaster situations.

The SMART-ER General Santos TWG actively participated in the hands-on training sessions, where members were guided through the system's process workflows and trained on the management and use of the user modules. The activity also provided an opportunity for participants to test the platform, identify areas for improvement, and provide feedback on its functionality, usability, and operational suitability based on the actual needs and processes of the city government.

The User Acceptance Testing likewise served as an important validation step to ensure that the system is aligned with the operational requirements of General Santos City before full deployment. Inputs gathered during the activity will be used by the UP LUNGSOD Team for further refinement, system customization, and enhancement.

Through this initiative, DOST SOCCSKSARGEN and the City Government of General Santos continue to strengthen their partnership toward building a smarter, more responsive, and data-driven emergency management system, supporting the broader goal of developing smart and sustainable communities across SOCCSKSARGEN.





Point VIEWER Publishing

PVN

LEMUEL D. JUNIO
Publisher

DARYL JETT M. ALVAREZ
Editor-in-Chief

JOEL A. CANTOR
Assistant

DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

## DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

## INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

## ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

## Sen. Escudero, nagpasalamat kay pangulong Marcos sa paglagda sa batas na 5-year term ng barangay officials

Nagpasalamat si Senator Francis "Chiz" Escudero kay Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa agarang paglagda sa Republic Act No. 12326, na nagtatakda ng limang-taong termino para sa mga opisyal ng barangay at Sangguniang Kabataan (SK).

Bilang pangunahing may-akda ng panukala sa Senado, sinabi ni Escudero na layunin ng batas na magkaroon ng mas malinaw at mas maayos na siklo ng pamamahala sa barangay. Aniya, ang mas mahabang termino ay magbibigay sa mga opisyal ng sapat na panahon upang magplano, magpatupad, at magsuri ng kanilang mga programa at serbisyo nang hindi naaantala ng madalas na halalan.

Binigyang-diin din ni Escudero ang mahalagang papel ng barangay bilang frontliner ng pamahalaan sa paghahatid ng serbisyo publiko.

Sa ilalim ng bagong batas, ililipat sa Nobyembre 2028 ang susunod na Barangay at Sangguniang Kabataan Elections (BSKE).

Nagpasalamat din ang Senador sa mga kasamahan sa Senado at House of Representatives sa kanilang suporta sa pagpasa ng nasabing reporma.





## Sen. Padilla, di' nakapagsumite ng 'counter-affidavit' sa DOJ dahil may kulang sa reklamo ng PNP-CIDG

Hindi nakapagsumite ng kanyang kontra-salaysay si Senador Robinhood 'Robin' Padilla sa naganap na 'preliminary investigation' ng reklamong kinakaharap sa Department of Justice.

Ayon kay Atty. Jimmy Bondoc, abogado ng isa sa mga kapwa-respondents, may kulang pa umano ang reklamo kaya't hindi muna nagsumite ng 'counter-affidavit' ang senador.

Nasa proseso pa aniya sila ng paghingi sa kopya ng reklamong inihain ng Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group laban kay Sen. Padilla.

Ito'y bunsod nang mapansin ng prosekusyon na may kulang pa umanong mga dokumento ang ahensiya sa reklamong inihain kaya't binigyan ng pagkakataon para maisumite ang kinakailangan.

Magugunitang sinampahan siya ng Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group o PNP-CIDG ng reklamong 'obstruction of justice'.

May kinalaman ito sa umano'y pagtulong kay Senador Robin Padilla na makatakas o makalabas ng pasilidad ng Senado noon lumabas ang 'arrest warrant' mula International Criminal Court.

Gayunpaman, sa isinagawang preliminary investigation kahapon, personal na humarap at dumalo ang respondent na si Senador Padilla.

Matapos ang preliminary investigation, sa paglabas ni Sen. Padilla ng Department of Justice ay sinalubong siya ni Senador Bong Go.

Sa panayam kay Sen. Bong Go, kanyang ibinahagi na ang pagpunta ay bilang pagpapakita ng suporta sapagkat magkaibigan umano sila ni Sen. Padilla.

Itinakda ang susunod na preliminary investigation sa ika-9 ng Oktubre habang ang pagsusumite ng 'kontra-salaysay' nama'y sa ika-12 ng Nobyembre.

## VP Sara, itinangging kilala si Gracioso at walang perang natanggap mula rito

Itinanggi ni Vice President Sara Duterte na kilala niya si dismissed policeman at dating security officer ni former Speaker Lord Allan Velasco na si Rodulfo Gracioso Jr. at mariin ding sinabi na wala siyang natanggap na anumang pera mula rito.

Sa inilabas na pahayag ngayong araw Setyembre 26, sinabi ng bise presidente na hinihintay ng kanyang mga abogado ang opisyal na kopya ng sinumpaang salaysay ni Gracioso mula sa National Bureau of Investigation o NBI bago nila simulan ang mga kasong nais nilang ihain laban dito.

"Once we are done dismantling the lies contained in his testimony, it will end up in the trash bin—just like the one from Ramil Madriaga," saad ni Duterte.

Una nang lumutang si Gracioso, na nagpakilalang dating head of security ni dating House Speaker Lord Allan Velasco, at inangkin na naghatid umano siya ng mga maletang naglalaman ng pera kay Duterte, dating Pangulong Rodrigo Duterte, at Davao City First District Representative Paolo Duterte

Ayon kay Gracioso, mahigit P2 bilyon umano ang naihatid niya kay Vice President Duterte sa mahigit 20 pagkakataon.

Sa kanyang pahayag, tinawag ni Duterte na isang "media stunt" ang mga alegasyon at iginiit na bahagi umano ito ng pagtatangkang buhayin ang impeachment case laban sa kanya.

Sinabi rin ng Vice President na ang kanyang kampo ay maghahanda ng mga kaso laban kay Gracioso matapos makuha ang opisyal na kopya ng kanyang affidavit mula sa NBI.



## Manibela, hiling na ma-rollback sa tama ang presyo ng petrolyo upang matuldukan ang paghihirap ng mga tsuper

Hiniling ng grupong MANIBELA na ma-rollback na sa tamang halaga ang presyo ng petrolyo upang matuldukan na ang paghihirap ng mga tsuper.Dagdag pa nito, ito rin aniya ang ugat ng kasakiman at korapsiyon sa bansa na nais nilang malabanan.Ayon sa grupo, isa ito sa kanilang pangunahing layunin kung bakit itutuloy nila ang isasagawang kilos-protesta sa Lunes, Setyembre 28, kasabay ng kanilang pagpapasalamat sa pagtugon ng pamahalaan na kahit papaano ay makatutulong sa kanilang pang-araw-araw na gastusin.Inaasahang makakasama nila rito ang iba't ibang grupo ng mga tsuper, rider ng motorsiklo, Transportation Network Vehicle Services o TNVS, pati na ang iba pang koalisyon sa sektor ng transportasyon. Ito'y kahit pa kinumpirma ni Department of Transportation (DOTr) Secretary Giovanni Lopez na naglabas na siya ng memorandum sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) upang bawiin ang suspensyon sa fare increase na unang inaprubahan noong Marso.Sa ilalim ng kautusang ito, ipatutupad na ang isang pisong dagdag sa minimum na pasahe para sa mga tradisyunal na jeepney na magiging P14 mula sa dating P13, may kasama pang P2 dagdag sa bawat sumunod na kilometro. Pumapalo naman sa P17 ang minimum para sa modern jeepneys.Giit ng grupo, hindi sila titigil sa pagpapaabot sa pamahalaan ng hirap na dinaranas ng mga tsuper. Lalo na't patuloy pa rin ang serye ng oil price hike sa bansa bunsod ng patuloy na tensyon sa Middle East at pagtaas ng dolyar.





## Fare hike bukas, araw ng Lunes, tuloy na

Kasado na bukas, Lunes, Setyembre 28, ang taas-singil sa pasahe ng mga pampublikong sasakyan, habang isinusulong ng transport groups na Manibela at Piston ang kanilang nakaplanong protesta dahil sa patuloy na pagsirit sa presyo ng produktong petrolyo.

Sa ilalim ng aprubadong bagong singil ayon sa Land Transporation Franchising and Regulatory Board (LTFRB), mula sa P13 ay magiging P14 na ang minimum na pamasahe sa mga ordinaryong jeepney sa kada apat na kilometro. Habang ang pamasahe naman sa bawat susunod na kilometro ay tataas ng P2.

Samantala, para naman sa modern public utility jeepneys, magiging P17 na ang minimum na pamasahe, na may dagdag na P2.40 sa bawat susunod na kilometro. Magtataas din ang singil sa pamasahe sa mga city bus, magiging P15 ang minimum na pamasahe para sa unang limang kilometro, habang may dagdag rin na P2.49 sa bawat susunod na kilometro. Sa mga air-conditioned bus naman, tataas ng P18 ang minimum na pamasahe, at may P3 na dagdag sa bawat susunod na kilometro. Samantala sa provincial bus naman, tataas ng P2 hanggang P3 ang pamasahe sa bawat susunod na kilometro, depende rin ito sa uri ng bus.

Habang madadagdagan naman ng P2.60 hanggang P3 ang pamasahe sa UV Express sa bawat susunod na kilometro.

Inatasan naman ng Department of Transporation ang mga operator na magpaskil ng bagong fare matrix at patuloy pa ring magbigay ng discount sa mga estudyante, senior citizen at maging sa mga persons with dissabilities.

## Military action, hindi pa ikinukonsidera ng pamahalaan sa kabila ng patuloy na agresyon ng China sa WPS

Hindi pa ikinukonsidera ng pamahalaan ang anumang military action sa gitna ng patuloy na agresyon ng China sa West Philippine Sea.

Sa isang pahayag, iginiit ni National Defense Secretary Gilberto "Gibo" Teodoro Jr. na nasa panig ng China ang buong responsibilidad na iwasan ang anumang tensyon at alitan dahil umano sa kasalukuyang posisyon nito bilang walang karapatan kaya't walang sumusuporta sa kanilang naratibo sa buong mundo.

Matatandaang kamakailan ay muling hinarang ng mga barko ng China ang mga sasakyang-dagat ng Pilipinas na naglalayong maghatid ng suplay para sa mga sundalong nakabantay sa BRP Sierra Madre sa Ayungin Shoal.

Sa kabila nito, nilinaw ni Teodoro na hindi naglalagay ng threshold o hangganan ang bansa sa mga hakbang nito sa gitna ng agawan sa teritoryo.

Sa halip, nakatutok ang ahensya sa pagpapalakas ng depensa sa pamamagitan ng re-equipping upang maging matatag at mabigyan ng mas malakas na toolkit ang Pangulo at mga diplomat para hindi basta-basta matakot ng ibang bansa.

Bahagi rin nito ang pagpapalakas ng maritime cooperative activities ng Pilipinas kasama ang mga kaalyadong bansa tulad ng Japan, Canada, Australia, France, at United Kingdom upang epektibong maprotektahan ang soberanya ng bansa.

## Rep. Leviste, kasalukuyang nasa France para alagaan si Sen. Legarda





Kasalukuyan pa ring nasa France si Batangas 1st District Representative Leandro Leviste upang alagaan at samahan ang kanyang inang si Senator Loren Legarda na sumasailalim sa medical treatment.

Kinumpirma ito ni Legarda spokesperson na si Atty. Tony La Viña sa Pandesal Forum sa Quezon City, kahapon.

Ayon kay La Viña, si Leviste ang kasalukuyang tumutulong sa mga medical needs ng kanyang ina na nagpapagamot para sa kondisyon na may kaugnayan sa baga at autoimmune condition.

Hindi na nagbigay pa ng ibang detalye si La Viña tungkol sa kasalukuyang kalagayan ni Legarda, ngunit sinabi niyang matagal nang may ganitong kondisyon ang senador at maaari itong lumala kapag nakararanas ng stress at tensyon.

Matatandaang naka-medical leave ang senador mula pa noong August, na kalaunan ay pinalawig hanggang October 9. Ayon sa kanyang kampo, nais pa rin ng senador na makabalik sa bansa at sa kanyang mga tungkulin kapag pinahintulutan ng kanyang kondisyon.

Dagdag pa ng abogado na hindi niya inaalis ang posibilidad na makabalik si Legarda bilang senator-judge sa nagpapatuloy na impeachment trial ni Vice President Sara Duterte.

Inaasahan din aniyang uuwi si Leviste sa Pilipinas kapag gumaling o bumuti na ang kalagayan ng kanyang ina.

Samantala, kapwa nahaharap sa imbestigasyon ang mag-inang sina Legarda at Leviste kaugnay ng mga alegasyon hinggil sa mga solar energy project at franchise na konektado sa negosyo ni Leviste. Subalit mariing itinanggi ng kanilang kampo ang mga alegasyon at sinabing walang sapat na ebidensya para ituloy ang kaso.

## Impeachment complaint edorser, hindi nababahala sa mga petisyong kumukuwestyon sa ruling ng impeachment court

Hindi nababahala si Manila 6th District Rep. Benny Abante sa dalawang petisyon na nakahain sa Korte Suprema na parehong kumukuwestyon sa legalidad ng desisyon ng Senate Impeachment Court ukol sa 2/3-vote treshold.

Si Abante ang nag-endorso sa impeachment complaint laban kay VP Sara na kasalukuyan ngayong dinidinig sa Senado.

Ayon kay Abante, karapatan ng sinuman, at ng kampo ni VP Sara na dumulog sa kataas-taasang hukuman, at kuwestyunin ang naging desisyon ng mga senator-judge.

Gayonpaman, kampante ang mambabatas na solido ang naging basehan ng impeachment court para babaan ang denominator ng treshold at ibilang lamang ang mga senador na nakakadalo sa pagdinig.

Sapat din aniya ang pag-konsulta ng korte sa mga dating mahistrado ng Korte Suprema upang makabuo ng kaniya-kaniyang desisyon ang mga senator-judge, batay sa itiinatakda ng batas, at ng jurisprudence.

Sa ngayon, ang tanging nakababahala aniya ay ang posibleng gagawin ng mga supporter ng kampo ni VP Sara Duterte.

Kabilang dito aniya ang posibilidad ng kanilang pangugulo, lalo na kung hindi papabor sa kanila ang desisyon, kapwa ng SC at ng Senate impeachment court.

# P18.6-M halaga ng marijuana, nabisto sa NAIA; 3 Pinoy arestado

Tatlong Pilipino ang inaresto ng awtoridad sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) Terminal 3 sa Pasay City matapos mabisto ang mga itong may bitbit na pinaghihinalaang marijuana o kush nitong Huwebes, Setyembre 24.

Narekober ng awtoridad ang tinatayang 18,679 gramo ng pinaghihinalaang marijuana na may pag-eestimang halagang umaabot sa P18,679,000.

Ayon sa isinagawang operasyon ng NAIA Inter-Agency Drug Interdiction Task Group, kasama ang Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) at ang iba pang ahensiya, suma-total na anim na bagaheng naglalaman ng marijuana kush ang nakumpiska ng awtoridad kung saan nakasilid ang mga ito sa self-sealing foil pouches at vacuum-sealed transparent plastic bags.

Ayon pa sa imbestigasyon, galing ang tatlong suspek sa Bangkok, Thailand bago ito maharang sa terminal.

Nakatakda na ring isalang ang mga nasabing ebidensiya sa dokumentasyon at forensic examination.

Nasa ilalim naman na ng kustodiya ng awtoridad ang mga suspek kung saan maaaring maharap ang mga ito sa kasong paglabag sa Republic Act No. 9165, o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

# P6.8-M halaga ng shabu nasabat sa Pasig buy-bust; high-value individual arestado

Tinatayang P6,800,000 na halaga ng pinaghihinalaang shabu ang nakumpiska ng mga awtoridad sa isang buy-bust operation sa Brgy. Caniogan, Pasig City nitong Sabado, Setyembre 26.

Arestado ng Pasig PNP ang isang 22 taong gulang na lalaki na umano'y high-value individual matapos itong mahulihan ng isang kilo ng umano'y ipinagbabawal na droga na nakasilid sa anim na pakete ng zip-lock bags.

Nakumpiska rin mula sa suspek ang ilang paraphernalia kabilang and tatlong P1,000 na ginamit bilang buy-bust money, isang green sling bag, driver's license ng suspek, isang digital weighing scale, at ang motor ng nasabing suspek.

Nai-turn over na rin ng awtoridad ang mga nasabing ebidensya, kabilang ang pinaghihinalaang droga, sa Station Drug Enforcement Unit para sa drug testings at forensic laboratory examinations. Nakatakda naman ang paglilitis ng suspek na haharap sa kasong paglabag sa Republic Act No. 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala, sinigurado naman ni PNP NCR Officer-in-Charge Police Brigadier General Christopher Abrahano na patuloy aniya ang pagsusugpo ng pulisya sa mga drug networks sa rehiyon. "There will be no letup in our campaign against illegal drugs. Our personnel will continue to identify, track, and arrest those responsible for bringing these substances into our communities, regardless of the scale of their operations," saad ng hepe.



# PCG, pinalalawak ang paghahanap sa 8 nawawalang pasahero ng M/V June Aster

Patuloy na tinututukan ng Philippine Coast Guard (PCG) ang search and rescue operations para sa walong pasaherong nawawala matapos ang insidente na kinasasangkutan ng M/V June Aster sa karagatan ng Coron, Palawan. Mula sa paligid ng Calanhayaun Island hanggang sa mga kalapit na baybayin, nagsagawa ng malawakang paghahanap ang mga tauhan ng Coast Guard District Palawan gamit ang mga patrol vessel, rubber boats at iba pang kagamitan.

Kabilang sa operasyon ang maritime at shoreline patrols, habang nagpakawala rin ng mga drone ang PCG upang masuri mula sa himpapawid ang mga posibleng lugar na maaaring puntahan ng mga search team.

Nakibahagi rin sa operasyon ang mga tauhan ng Disaster Response Group, Special Operations Group at Marine Environmental Protection–Northeastern Palawan, kasama ang BRP Suluan.

# Political instructor ng mga rebelde, nagbalik-loob matapos pagtangkaan ng mga kasamahan

Kumalas sa armadong grupo at pormal nang nagbalik-loob sa pamahalaan ang isang umano'y Political Instructor ng Regional Operations Command-Far South Mindanao Region (ROC-FSMR) ng CPP-NPA-NDF matapos siyang barilin ng kaniyang sariling mga kasamahan sa Lungsod ng Tagum noong Setyembre 19.

Kinilala ng mga awtoridad ang nagbalik-loob sa mga alyas na "Lovie," "Tikong," at "Yassie," na naglingkod din bilang political instructor ng executive committee at medic ng grupo.

Matapos magtamo ng sugat sa pamamaril, humingi ng tulong si Lovie sa pamahalaang panlalawigan ng South Cotabato para sa kaniyang matanggap na gamot at seguridad. Agad naman siyang dinala sa isang pagamutan habang inihahanda ang mga kaukulang proseso ng kaniyang pagbabalik-loob. Ayon kay Lovie, bukod sa natanggap na mga banta sa kaniyang buhay mula sa mga kasamahan sa kilusan, napagdesisyunan niyang tumalikod na sa armadong pakikibaka dahil sa labis na hirap ng pagtatago sa kabundukan at sa kagustuhang mamuhay nang mapayapa lalo't siya ay kasalukuyang nagdadalang-tao.

Samantala, binigyang-diin ni 603rd Infantry Brigade Acting Commander Colonel Glenn Loreto T. Caballero na mananatiling bukas ang pintuan ng South Cotabato at ng buong pamahalaan sa pagtanggap at pagbibigay ng tulong sa sinumang nagnanais na magsimula ng panibagong buhay at talikuran ang gulo.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND**
**EX-OFFICIO SHERIFF**
QUEZON CITY
Email Address: rtc1qznocc@judiciary.gov.ph
Mobile No./Landline No. 09155083986/89243843

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

FRE NO. **16787**

-versus-

**SPS. HAROLD BOTE DATA AND**
**VERONICA BAJAR DATA,**
Debtors/Mortgagor/s,
x----------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY/IES UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118 and pursuant to the terms and conditions of the **UNIFORM LOAN AND MORTGAGE AGREEMENT (Real Estate),** executed on March 24, 2022 ("Loan") June 16, 2023 ("Mortgage"), by **VERONICA BAJAR DATA,** signing for herself and as attorney-in-fact of **HAROLD BOTE DATA,** Debtors/Mortgagors, with residence and postal address at Lot 6, Block 3, Montevilla Townhomes, Nova Hills Drive, Bagumbong, Caloocan City 1421; Unit No. 0249, 2nd Floor, Tower 21, Trees Residences, Quirino Highway, Barangay Pasong Putik, Novaliches, Quezon City, favor of **BDO UNIBANK, INC.,** Mortgagee/s, to satisfy the mortgage debt in the total amount of **P2,372,684.58** as of **August 5, 2026, inclusive**/exclusive of interest, penalties, and other charges together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale, the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized Deputy Sheriff, hereby announces that on **November 10, 2026** between the hours of 9:00 A.M. to 4:00 P.M., at the Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., (beside, Quezon City Hall) Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will **SELL** through public auction to the highest bidder and for cash, in Philippine currency, the following described real property/ies with all the improvement/s existing thereon, to wit;

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 004-2023006727**
Registry of Deeds, Quezon City

TREES RESIDENCES

TOWER 21

TOWER: 21

FLOOR: 2
UNIT NO: 249
UNIT TYPE: 2-BEDROOM UNIT
UNIT AREA: 30.36 SQ. M.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on Transfer Certificate of Title 2015000343 which embraces and describes the land located at QUIRINO HIGHWAY, BRGY. PASONG PUTIK, NOVALICHES, QUEZON CITY with an area of TWENTY-SIX THOUSAND TWO HUNDRED NINETY-THREE (26,293) Square Meter."

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the aforesaid Office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title/s to the said property/ies and the encumbrances thereon, if there be any.

In the event that public auction should not take place on said date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **November 24, 2026,** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro-Manila, September 24, 2026.

**(SIGNED)**
**FRUCTOSO L. LOJA**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**
**CONSUMER REMEDIAL MANAGEMENT UNIT**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Ave., Mandaluyong City

**VERONICA BAJAR DATA,** signing for herself
and as attorney-in-fact of **HAROLD BOTE DATA**
Lot 6, Block 3, Montevilla Townhomes, Nova Hills
Drive, Bagumbong, Caloocan City 1421

Unit No. 0249, 2nd Floor, Tower 21, Trees
Residences, Quirino Highway, Barangay Pasong
Putik, Novaliches, Quezon City

WARNING:
It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law

**Newspaper: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 28, October 05 & 12, 2026**

# Paghahain ng petisyon sa SC, hindi nangangahulugang tuloy agad ang COC filing; voter registration, muling bubuksan sa Nobyembre

Pinaghahandaan na ng Commission on Elections (COMELEC) ang posibleng legal na hamon sa pagpapaliban ng Barangay at Sangguniang Kabataan Elections (BSKE) na nakatakda sana sa Nobyembre 2, 2026.

Ayon kay COMELEC Chairman George Garcia, hindi awtomatikong ibabalik ang filing ng Certificate of Candidacy (COC) sakaling may maghain ng petisyon sa Korte Suprema laban sa bagong batas.

Mas pinangangambahan ng poll body ang posibilidad na maglabas ang Korte Suprema ng temporary restraining order o TRO na maaaring makaapekto sa kanilang mga paghahanda.

Giit ni Garcia, hindi maaaring basta-basta ibalik ang mga nakanselang aktibidad nang walang malinaw na panuntunan at sapat na abiso sa mga botante at mga nais kumandidato.

Kaugnay nito, muling bubuksan ng poll body ang voter registration mula sa ikalawang linggo ng Nobyembre hanggang Hulyo 2027 upang makapagparehistro ang mga bagong botante at makapagpalipat ng rehistrasyon ang iba.

Umaabot na rin sa Php 8B ang nagastos ng poll body sa paghahanda para sa ipinagpalibang halalan.

Tiniyak naman ni Garcia na itatabi muna ang mga election paraphernalia, kabilang ang mga balota, upang mapakinabangan pa sa mga susunod na halalan.

Matatandaang nilagdaan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang batas na naglilipat ng BSKE sa Nobyembre 2028.

# 2 malalakas na bagyo, sabay na nananalasa sa silangan at kanlurang Pasipiko

Dalawang malalakas na bagyo ang sabay na nagpaparamdam ng matinding lakas sa magkabilang dulo ng Karagatang Pasipiko ngayong linggo matapos humagupit ang Hurricane Polo sa hilagang-kanlurang baybayin ng Mexico habang ganap na ring naging bagyo ang Hurricane Nolo papunta sa Hawaii.

Ayon sa US National Hurricane Center (NHC), lumakas ang Nolo bilang ganap na hurricane nitong Huwebes ng gabi at inaasahang magdudulot ng 15 hanggang 30 inches rainfall at banta ng delikadong pagbaha sa Big Island at Maui sa Hawaii.

Dahil sa tinatayang matinding epekto sa kaligtasan, naglabas na ng emergency proclamation ang gobernador ng Hawaii at nagpadala ng mahigit 230 miyembro ng National Guard kasabay ng pagsususpinde ng mga klase at paghahanda sa mga posibleng brownout.

Samantala, umabot naman sa kategorya 4 at 5 ang Hurricane Polo habang binabagtas ang baybayin ng Mexico, kung saan sinalanta ng malalaking alon at baha ang mga tahanan at negosyo sa lungsod ng Lazaro Cardenas.



Nagpadala na ng humigit-kumulang 15,000 security personnel ang pamahalaan ng Mexico sa mga lalawigan ng Guerrero at Michoacan upang mabilis na mailikas ang mga residenteng naninirahan sa mga baybayin at pampang na mataas ang peligro sa kalamidad.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
rtc1pasocc@judiciary.gov.ph (email)
(0956) 204-8186

CORINTHIAN EXECUTIVE
REGENCY, INC.,
Petitioner,

File No. 26-234-REM
For: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act 3135, as Amended by Act 4118 in relation to Sec. 20, R.A. 4726 (otherwise known as the Condominium Act)

-versus-

MAUREEN J. FREDELUCES,
Respondent.

## NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 in relation to Section 20 of R.A. 4726 (otherwise known as the Condominium Act) filed by the petitioner CORINTHIAN EXECUTIVE REGENCY, INC. with office address at Lot 2, Block 1, Ortigas Center, Ortigas Avenue, Pasig City, against the respondent/unit owner, MAUREEN J. FREDELUCES, with address/es at (1) Unit Nos. 3821 and 3822, Corinthian Executive Regency, Lot 2, Block 1, Ortigas Center, Ortigas Avenue, Pasig City; and (2) 113 Sct. Alcaraz St., Sta. Mesa Heights, Quezon City, and for the satisfaction of the overdue and unpaid assessments which as of July 14, 2026 amounts to PESOS: FOUR HUNDRED TWENTY-EIGHT THOUSAND NINE HUNDRED SEVENTY-ONE and 53/100 (PhP428,971.53) inclusive of association dues, penalties and other charges, exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of Pasig City or her duly authorized Sheriff, pursuant to the Amended Master Deed with Declaration of Restrictions of the petitioner, Part II, (Section 6c), will sell at public auction on **November 26, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, Infront of the Main Entrance of Temporary Pasig City Hall, Pasig City to the highest bidder and for CASH, in Philippine Currency, the real properties mentioned in the said real estate mortgage together with all its improvements existing thereon, to wit:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 011-2011005952**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT: 3821
UNIT AREA (SQ. M.) : 27.06
LOCATION: THIRTY EIGHTH FLOOR
WHICH UNIT FORMS PART OF "CORINTHIAN EXECUTIVE REGENCY".

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE PT-121401 which embraces and describes the land located at ORANBO, PASIG CITY with an area of ONE THOUSAND SEVEN HUNDRED FORTY-NINE (1,749) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: MAUREEN J. FREDELUCES, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO**

**Condominium Certificate of Title**
**No. 011-2012001009**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT: 3822
UNIT AREA (SQ. M.) : 26.21
LOCATION: THIRTY EIGHTH FLOOR
WHICH UNIT FORMS PART OF "CORINTHIAN EXECUTIVE REGENCY".

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE PT-121401 which embraces and describes the land located at ORANBO, PASIG CITY with an area of ONE THOUSAND SEVEN HUNDRED FORTY-NINE (1,749) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: MAUREEN J. FREDELUCES, SINGLE, FILIPINO, OF LEGAL AGE,**

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said properties and the encumbrance thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **December 17, 2026** at same time and place without further notice.

Pasig City, September 14, 2026.

**(SIGNED)**
**EDWIN S. CARIÑO**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**ATTY. ROSALIE C. AROSA**
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned. . .

CORINTHIAN EXECUTIVE REGENCY, INC.,
Lot 2, Block 1, Ortigas Center, Ortigas Avenue, Pasig City

MAUREEN J. FREDELUCES
(1) Unit Nos. 3821 and 3822, Corinthian Executive Regency, Lot 2, Block 1, Ortigas Center, Ortigas Avenue, Pasig City
(2) 113 Sct. Alcaraz St., Sta. Mesa Heights, Quezon City

**Newspaper: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 28, October 05 & 12, 2026**

# 670,000 pwesto sa Barangay at SK, imo-monitor matapos mapalawig

Tiniyak ng pamahalaan na kanilang babantayan laban sa mga pag-abuso ng mga napanatiling opisyal sa barangay.

Ito'y makaraang ipagpaliban ang political race para sa higit 670,000 lokal na posisyon sa buong bansa kasunod ng paglagda sa bagong batas na nagpapalawig sa termino ng mga opisyal ng barangay at Sangguniang Kabataan (SK).

Sa 42,001 barangay sa buong Pilipinas, ang naunsaming halalan sa Nobyembre 2026 ay nakatakda sanang magluklok ng 16 na lider bawat lugar na kinabibilangan ng isang punong barangay, pitong barangay kagawad, isang SK chairperson, at pitong SK members.

Sa halip na magkaroon ng botohan, mananatili sa pwesto ang mga kasalukuyang opisyal nang dalawa pang karagdagang taon habang inihahanda ang kasunod na halalan sa Nobyembre 2028 sa ilalim ng bagong limang taong term framework.

Kaninang umaga, opisyal nang nilagdaan ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ang naturang panukala upang pormal na ipatupad ang limang taong panunungkulan para sa mga pambarangay at pangkabataan na pinuno.

Bunga ng bagong lehislasyon, pormal nang kinansela at hindi na matutuloy ang Barangay at SK Elections (BSKE) na nakatakda ngayong taon.

Magsisilbi na itong permanenteng cycle ng halalan tuwing ikalawang Lunes ng Nobyembre kada limang taon simula sa Nobyembre 2028.

Inamyendahan ng bagong batas ang Republic Act No. 12232 na dating nagtatakda ng mas maikling apat na taong termino para sa mga nasabing opisyal.

Ayon sa mga dalubhasa, ang legislative adjustment na ito ay naglalayong magbigay ng katatagan sa pamamahala sa pambansang antas habang binibigyan ng sapat na panahon ang mga nakaupong lider na maitaguyod ang kanilang mga proyekto.



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND EX-OFFICIO SHERIFF
PASAY CITY

**PHILIPPINE NATIONAL BANK,**
Mortgagee,

**FILE NO. REM 26-224**

-versus-

FOR: EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT NO. 3135, AS AMENDED BY ACT NO. 4118

**SPS. NENITA P. DELA CRUZ AND EDILBERTO A. DELA CRUZ,**
Debtors/Mortgagors,

**MICHAEL BERNE ANGELO P. DELA CRUZ**
Co-Borrower.
x--------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA JUDICIAL SALE

Upon verified petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by the Mortgagee/s **PHILIPPINE NATIONAL BANK, represented by SAVP MARY ANN A. BRIÑAS,** with office/business address at **Remedial Management Division IV, RAMG 5th Floor, PNB Financial Center Pres. Diosdado Macapagal Blvd., Pasay City,** against **SPS. NENITA P. DELA CRUZ AND EDILBERTO A. DELA CRUZ (debtors/mortgagors) and MICHAEL BERNE ANGELO P. DELA CRUZ (co-borrower), all represented by EVELYN P. IMPRESO, as their Attorney-In-Fact,** with residence/postal/office address at **(1) 0015-A Kabline St., Sto. Niño, Western Bicutan, Taguig City; (2) Unit 1465, 14th Floor, Tower 2, Shore 3 Residences, Lot 3-C, Seaside Boulevard and Sunrise Drive, MOA Complex, Pasay City; and (3) 15A Kabline Street, Western Bicutan, Taguig City 1630,** to satisfy the mortgage indebtedness which as of **31 July 2026** amounts to **Php5,805,819.13,** including/excluding interest, penalties, charges, attorney's fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Deputy Sheriff will sell at public auction on **November 11, 2026** between 9:00 am and 4:00 pm at the ground floor (main entrance) of the Hall of Justice, Pasay City to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following described real property/ies, together with all the improvements existing thereon to wit:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 003-2024005386**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

"SHORE 3 RESIDENCES"
TOWER 2
FLOOR LEVEL – 14TH FLOOR
UNIT NO. 1465
UNIT TYPE – FAMILY SUITE B WITH BALCONY
UNIT AREA – 26.00 SQ. M., MORE OR LESS

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2014000627 which embraces and describes the land located at SEASIDE BOULEVARD AND SUNRISE DRIVE, CBP I-A, MALL OF ASIA COMPLEX, PASAY CITY with an area of FIFTY-SIX THOUSAND EIGHT HUNDRED FIFTY-FOUR (56,854) Square Meter, is registered in the name of:

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date. In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **November 25, 2026** without further notice.

Pasay City, this 25th day of September 2026.

For the Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**TEODENIS L. BARAL**
Deputy Sheriff, RTC Br. 116, Pasay City

**WARNING**
It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sale on or before the date of sale under penalty of law.

**Newspaper: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: October 05, 12 & 19, 2026**

# US Pres. Trump, tinanggihan ang 7-day ceasefire offer ng Iran



Tinanggihan ni US President Donald Trump ang mungkahing pitong araw na ceasefire ng bansang Iran at inihayag sa kaniyang mga opisyal na inaasahan niyang ipagpapatuloy ang pagbomba ng Amerika sa Iran pagkatapos ng midterm elections sa Nobyembre.

Batay sa mga opisyal ng Estados Unidos, mananatiling duda si Trump kung tutuparin ng Tehran ang mga hinihinging kondisyon ng Amerika sa kabila ng patuloy na negosasyon sa tulong ng mga regional mediator.

Sa ilalim ng panukala ng Iran, hiling nito sa US na alisin ang naval blockade, ilabas ang ilang nakapaskil o frozen assets nito, at pagaanin ang mga sanksyon sa pagbebenta ng langis kapalit ng muling pagbubukas sa kritikal na Strait of Hormuz at pagpapatuloy ng nuclear negotiations.

Gayunpaman, pormal nang ipinarating ng Estados Unidos sa Iran at sa mga tagapamagitan na wala silang planong alisin ang kasalukuyang maritime blockade sa mga daungan ng nasabing bansa.

Bagamat hindi pa malinaw ang magiging saklaw ng mga panibagong pag-atake ng militar ng Amerika, binigyang-diin ng mga opisyal na maaari pa ring magbago ang posisyon ni Trump habang nagpapatuloy ang mga pag-uusap.



## Taylor Swift naglabas ng bagong album at kanta

Inanunsiyo ni US singer Taylor Swift ang paglabas ng kaniyang bagong kantang na may pamagat na "Patient Zero".

Kasama ang nasabing kanta sa album na " The Life of a Showgirl: The Encore" na isang deluxe edition na ilalabas sa darating ng Setyembre 25.

Ang nasabing album ay mayroong kasamang mga bagong kanta.

Isinagawa ng singer ang anunsiyo sa kaniyang social media account.

Inaasahan na hahakot ng award ang singer sa nalalapit na 2026 MTV Video Music Awards kung saan kabilang ang kaniyang album na "The Life of a Showgirl" para sa Best Album.

## Ex-Miss Jamaica kinasuhan ang Miss Universe Organization matapos mahulog sa stage

Nagsampa ng kaso si dating Miss Jamaica Gabrielle Henry laban sa Miss Universe Organization (MUO) matapos ang aksidenteng pagkahulog nito sa stage noong nakaraang taon.

Isinampa ni Henry ang kaso sa Delaware Supreme Court laban sa MUO at dalawang parent companies nito na JKN Legacy Inc. at Legacy Holding Group.

Kabilang sa mga reklamo ay ang negligence, premises liability,negligent hiring, retention at supervision ganun din ang negligent at intentional infliction of emotional distress.

Nagtamo umano si Henry ng traumatic brain injury, acute subarachoid hemorhage,frontal lobe hemorrhagic contusion, at subdural hemorrhage, matapos ang pagkakahulog sa stage.

Nangyari ang aksidente noong Nobyembre ng nakaraang taon habang ginaganap ang Miss Universe preliminary competition.

Dahil sa pangyayari ay naospital ito ng halos isang buwan na itinuturing na traumatic moment sa buhay niya.



## Babaeng biktima ni Jay-Z binawi ang pahayag na siya ay ginahasa

Binawi na ng babae na nag-akusa sa rapper na si Jay-Z ang kaniyang alegasyon na siya ay ginahasa nito.

Sa kaniyang isinumiting dokumento sa korte na hindi niya personal na kilala ang rapper na si Jay Z.

Dagdag pa nito na minsan ay hindi sila nagkita ng rapper na si Shaw 'Jay-Z' Carter.Ang nasabing babae ay nagsampa ng kaso noong 2024 na siya ay ginahasa ng rapper noong 13-anyos pa lamang.Kasama umano ng rapper si Sean "Diddy" Combs sa isang party matapos ang MTV Video Music Awards noong 2000.

Mula pa noon ay mariing itinanggi ng rapper ang nasabing alegasyon.

## 2 malalakas na bagyo, sabay na nananalasa sa silangan at kanlurang Pasipiko

Dalawang malalakas na bagyo ang sabay na nagpaparamdam ng matinding lakas sa magkabilang dulo ng Karagatang Pasipiko ngayong linggo matapos humagupit ang Hurricane Polo sa hilagang-kanlurang baybayin ng Mexico habang ganap na ring naging bagyo ang Hurricane Nolo papunta sa Hawaii.

Ayon sa US National Hurricane Center (NHC), lumakas ang Nolo bilang ganap na hurricane nitong Huwebes ng gabi at inaasahang magdudulot ng 15 hanggang 30 inches rainfall at banta ng delikadong pagbaha sa Big Island at Maui sa Hawaii.

Dahil sa tinatayang matinding epekto sa kaligtasan, naglabas na ng emergency proclamation ang gobernador ng Hawaii at nagpadala ng mahigit 230 miyembro ng National Guard kasabay ng pagsususpinde ng mga klase at paghahanda sa mga posibleng brownout.

Samantala, umabot naman sa kategorya 4 at 5 ang Hurricane Polo habang binabagtas ang baybayin ng Mexico, kung saan sinalanta ng malalaking alon at baha ang mga tahanan at negosyo sa lungsod ng Lazaro Cardenas.

Nagpadala na ng humigit-kumulang 15,000 security personnel ang pamahalaan ng Mexico sa mga lalawigan ng Guerrero at Michoacan upang mabilis na mailikas ang mga residenteng naninirahan sa mga baybayin at pampang na mataas ang peligro sa kalamidad.



## Singer Lionel Richie muling itinakbo sa pagamutan

Muling itinakbo sa pagamutan ang legendary singer na si Lionel Richie matapos ang sakit na may kinalaman sa kaniyang puso.

Ayon sa kampo nito na nasa pagamutan ang singer dahil sa atrial fibrillation o iregular ang pagtibok ng puso.

Paliwanag ng mga doktor na hindi ito maikokonsiderang major procedure at ito ay minimal na nagdudulot lamang ng maliit na sugat sa puso para maharang ang faulty electrical signal mula sa puso.

Dahil dito ay napilitang kanselahin ang show ng singer kasama ang grupong "Earth Wind & Fire" sa San Francisco, Chicago at sa Columbus, Ohio.

Ito na rin ang pangatlong pagkakataon na na-ospital ang singer sa mga nagdaang buwan.Pop Music

Noong Agosto kasi ay dinala ito sa St. Louis hospital at nanatili ng ilang araw sa Intensive Care Unit kung saan pinauwi din ito matapos ang ilang araw.

## Unang araw ng pagbisita ni Chinese Pres. Xi sa White House itinuturing na matagumpay



Ipinagmalaki ni US President Donald Trump na naging matagumpay ang unang araw na pagpupulong nila ni Chinese President Xi Jinping. Iniikot ni Trump ang Chinese President sa loob ng White House kung saan nagkaroon pa ng military parade sa Rose Garden.

Nagsagawa ng bilateral meeting ang dalawa kung saan tinalakay ang kalakalan, Artificial Intelligence at ang usapin sa Taiwan na inaangkin ng China.

Sinabi pa ng US President na ipinagmamalaki niya ang relasyon ng US at China at tiniyak na magpapatuloy ang kanilang pagtatrabahong dalawa.

Magugunitang nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan ng US at China dahil sa usapin ng pagpapataw ng buwis ng US sa ilang produkto ng China.

## Russia mas pinaigting ang pag-atake sa Ukraine

Ibinunyag ni Ukraine President Volodymyr Zelensky na pinalawig ng Russia ang kanilang pag-atake.

Ayon kay Zelensky na tinarget ng Russia ang kanlang mga data centers at internet providers.

Ang nasabing pag-atake ay makakaapekto sa buhay ng mga mamamayan ng Ukraine lalo na ginagamit ito sa kanilang pag-aaral at trabaho.

Pahayag ito ni Zelensky matapos ang pagtama ng Russian drone sa business center sa Kyiv na ikinasawi ng apat na katao kung saan nagtamo ng damyos ang data center.

Kinumpirma naman ito ng Russia kung saan ginagamit umano ng Ukriane ang lugar para sa military intelligence.

Dahil dito ay nanawagan si Zelensky sa mga bansang kaalyado nila na tulungan sila para mapanagot ang Russia.Eksekutibong Sangay

## Kim Chiu nagsalita na sa pagkakaaresto ng kaniyang kapatid

Nagsalita na ang aktres na si Kim Chiu matapos ang pagkakaaresto ng kaniyang kapatid na si Lakambini "Lakam" Chiu.

Sinabi nito na apektado pa rin ito at hindi na rin ito magsasalita dahil sa nasa legal na proseso ang lahat.

Dagdag pa nito na nasasaktan siya dahil sa mga negatibong komento mula ng sa pagpapasya nito ng pagsampa ng kaso sa sariling kapatid.

Paglilinaw nito na hindi ito ukol sa sariling pera at sa halip tunkol sa kaniyang kumpanyang Little Bunny Philippines,Inc. na kaniyang itinaguyod mula sa ilang taon niya sa showbiz.

Ang nasabing kaso na isinampa ng kaniyang abogado ay sumasakop lamang mula Enero hanggang Hulyo 2025 at marami pang iba na hindi maaaring ilabas sa publiko.Pamilya

Inilabas ng aktres ang pahayag matapos ang pagdalo nito sa arraignment sa pagbabasa sa sakdal ng kapatid sa Quezon City Hall of Justice.

Magugunitang naaresto si Lakam dahil sa kasong 124 counts ng qualified theft dahil sa nawawalang pondo ng kumpanya ng aktres.



## Pope Leo XIV ikinabahala ang negatibong epekto ng AI sa buhay ng tao

Ibinabala ni Pope Leo XIV ang negatibong epekto ng artificial intelligence (AI) sa buhay ng tao.Ito ang kaniyang naging pagbabala sa paghaharap niya kay French President Emmanuel Macron.Nasa France kasi ang Santo Papa para sa kaniyang apat na araw na pagbisita. Ayon sa Santo Papa na huwag sanang mawala ang pagiging makatao dahil sa mga naglipanang mga AI.Sinalubong ni Macron ang Santo Papa sa kaniyang pagdating sa Orly airport.Ilang mga aktibidad din ang gagawin ng Santo Papa gaya ng misa na gaganapin sa ipinatayong altar sa Place de la Concorde.



## British-Ghanaian rapper Sway DaSafo pumanaw na

Pumanaw na ang award-winning British-Ghanaian rap artist na si Sway DaSafo sa edad na 44.

Kinumpirma ng kaniyang kaibigan na si Kash Ahmad ang pagpanaw ng rapper sa kaniyang bahay.

Hindi na nito ibinahagi pa ang sanhi ng kamatayan ng singer.

Noong taong 2010 ay na-diagnosed ang rapper ng Hodgkin lymphoma.

Isinilang bilang si Derek Andrew Safo sa London.

Nanatili itong independent kung saan naglabas ito ng kanta sa sarili nitong label.

Nagkamit ito ng best hip-hop act sa Mobo awards noong 2005 at tinalo si 50 Cents at the Game.



## Monday History Facts

### There were female Gladiators

A female gladiator was called a Gladiatrix, or Gladiatrices (plural). They were rarer than their male counterparts.

Gladiatrices served the same purpose of executing criminals, fighting each other, and fighting animals in Rome's various fighting pits.



## MONDAY - SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 4 | | | 8 | | 7 | 3 |
| | 2 | | | | | | | 5 |
| | 6 | | 5 | | 3 | | | |
| | | 5 | | 8 | 2 | 1 | | 6 |
| 6 | 7 | 3 | 1 | 5 | 9 | 4 | 8 | 2 |
| 1 | | 2 | 4 | 3 | | 7 | | |
| | | | 8 | | 5 | | 1 | |
| 5 | | | | | | | 6 | |
| 2 | 1 | | 3 | | | 5 | | |

## ANSWER LAST WEEK SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5 | 6 | 7 | 9 | 4 | 3 | 8 | 1 | 2 |
| 8 | 4 | 1 | 7 | 6 | 2 | 5 | 3 | 9 |
| 9 | 3 | 2 | 5 | 1 | 8 | 7 | 6 | 4 |
| 2 | 9 | 3 | 6 | 7 | 5 | 4 | 8 | 1 |
| 4 | 5 | 6 | 8 | 3 | 1 | 9 | 2 | 7 |
| 1 | 7 | 8 | 4 | 2 | 9 | 6 | 5 | 3 |
| 6 | 2 | 9 | 1 | 8 | 4 | 3 | 7 | 5 |
| 3 | 8 | 5 | 2 | 9 | 7 | 1 | 4 | 6 |
| 7 | 1 | 4 | 3 | 5 | 6 | 2 | 9 | 8 |





#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City

Contact : Juliana Diesta # 09052264801

krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: October 05 - 11, 2026






FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: October 05 - 11, 2026


## CROSSWORDS

### Across

1. Dot-__: online businesses
5. Capital of South Korea
10. Clever remark
14. Shape of many a car logo
15. Inner circle
16. Caterer's coffee servers
17. "Just act naturally!"
19. AirPods holders
20. Chocolaty treats that may have walnuts
21. Portable device with a touchscreen
23. Baby bear
24. __ farewell: said goodbye
25. Vietnam War film directed by Stanley Kubrick
33. Between ports
34. Second-string players
35. Lamb's mother
36. Sow's opposite
37. Renewable energy option
38. Safari park roarer
39. Gloomy __: pessimistic sort
40. Comedian Wyatt
41. Annoys
42. Quickly resolved legal matter
46. Finishes up
47. Part of FTW and BTW
48.
Talks back to
51. Morton who plays Circe in "The Odyssey"
56. Help in wrongdoing
57. Do the same, and what the ends of 17-, 25-, and 42-Across can do
59. Genuine
60. Face-to-face exams
61. Prefix with skeleton
62. Like a couch potato
63. Move, as a root-bound houseplant
64. Consider to be



### DOWN

1. Salad with bacon and eggs
2. "Back to you," in radio lingo
3. BLT spread
4. Insincere round of applause
5. Book copier of old
6. Loosen (up)
7. Poems of praise
8. Address that often starts with "www"
9. Not quite closed
10. Montreal's province
11. Eurasian border river
12. Memo heading
13. Soft "Hey, you!"
18. E pluribus __
22. Singer Lambert
24. Laundry whitener
25. North Dakota city
26. Spend all of
27. Rental contract
28. Govt.-issued investments
29. Book of maps
30. Knightley of "Bend It Like Beckham"
31. Furry "Star Wars" creatures
32. Uptight
37. Summons
38. Officially permitted to drive, say
40. Walking stick
43. Big name in milk chocolate
44. Ultimate
45. Melt
48. South Asian silk dress
49. Tucked in for the night
50. Barking marine mammal
51. Smack
52. French greeting
53. Song
54. Keep out of sight
55. Tiny particle
58. Mine yield

## ANSWER LAST WEEK SUDOKU

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | L | U | S | ■ | S | I | N | S | ■ | ■ | S | A | C | K |
| I | O | N | S | ■ | A | C | H | E | ■ | C | A | C | H | E |
| P | O | W | E | R | B | A | L | L | ■ | O | N | I | O | N |
| S | K | A | ■ | Y | E | N | ■ | E | A | S | E | D | I | N |
| ■ | ■ | S | T | A | R | T | I | N | G | P | R | I | C | E |
| E | T | H | A | N | ■ | S | N | A | R | L | ■ | C | E | L |
| K | E | E | N | ■ | S | E | C | ■ | E | A | T | ■ | ■ | ■ |
| E | N | D | G | A | M | E | ■ | K | E | Y | W | E | S | T |
| ■ | ■ | ■ | O | S | U | ■ | R | A | D | ■ | A | L | O | E |
| A | B | S | ■ | P | R | A | T | T | ■ | F | I | E | N | D |
| F | L | A | S | H | F | R | E | E | Z | I | N | G | ■ | ■ |
| R | E | L | E | A | S | E | ■ | M | I | D | ■ | A | S | P |
| I | W | I | L | L | ■ | T | W | O | P | O | I | N | T | S |
| C | O | V | E | T | ■ | H | A | S | P | ■ | A | C | E | S |
| A | N | A | S | ■ | ■ | A | L | S | O | ■ | N | E | W | T |

## MONDAY WORD HUNT

### AGENTS OF SHIELD



| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Y | E | M | A | E | S | K | Y | E | G | I | D |
| N | N | R | G | R | A | N | T | W | A | R | D |
| M | O | C | E | N | T | I | P | E | D | E | R |
| E | E | S | U | O | H | T | S | E | U | G | I |
| A | D | L | L | E | S | I | T | T | I | M | B |
| S | R | I | I | U | I | U | H | R | A | G | G |
| O | I | A | T | N | O | T | B | T | O | I | N |
| S | A | H | I | G | D | C | A | E | A | T | I |
| S | K | I | R | N | N | A | L | G | H | L | K |
| H | C | N | B | E | A | I | M | I | S | T | C |
| I | A | H | Y | D | R | A | S | A | H | T | O |
| E | M | I | T | A | H | I | T | I | Y | P | M |
| L | O | B | E | L | I | S | K | O | R | D | K |
| D | I | M | A | D | E | A | T | H | L | O | K |

PHIL COULSON
SHIELD
GUEST HOUSE
MOCKINGBIRD
SKYE
HYDRA
DEATHLOK
TAHITI
GRANT WARD
THE BUS
OBELISK
RISING TIDE
MELINDA MAY
CENTIPEDE
RAINA
MACK



# Alex Eala, nagtala ng mabilis na panalo sa kanyang debut sa 2026 Asian Games

Mabilis na pinataob ng Filipina tennis ace na si Alex Eala si Patcharin Cheapchandej ng Thailand sa opensa ng kanyang kampanya sa 2026 Aichi-Nagoya Asian Games sa score na 6-1, 6-0 ngayong araw sa Higashiyama Park Tennis Center sa Japan.

Hindi naging hadlang para kay Eala ang sunod-sunod na pagkaantala ng iskedyul at ang paglilipat ng pasilidad dulot ng masamang panahon upang tapusin ang laban sa loob lamang ng 55 minuto

Ipinakita ng 21-anyos na kampeon ang kanyang dominasyon nang magsunod-sunod ng walong panalo sa ikalawang set upang tuluyang maisara ang pwesto sa quarterfinals.

Inihayag ni Eala na sanay na siya sa mga hindi inaasahang pagbabago sa laro at kailangan lamang panatilihin ang kahandaan, pasensya, at flexibility sa anumang sitwasyon.

Nakatakdang harapin ng kinatawan ng Pilipinas si Joanna Garland ng Chinese Taipei sa round of 8 para sa kanyang susunod na tunggalian.

## Rondina at Pons, pasok na sa quarterfinals ng 2026 Asian Games women's beach volleyball

Umabante sa quarterfinals ng Women's Beach Volleyball sina Cherry Rondina at Bernadeth Pons kontra sa kanilang katunggali na sina Sakura Ito at Mayu Sawame ng Japan, matapos nilang itala ang straight-set victory sa Round of 16.

Hindi na pinatagal ng tambalan ang kanilang laban matapos magwagi sa dalawang set, sa score na 21-17, 21-15 para tuluyang masungkit ang puwesto sa susunod na round ng torneyo.

Mula sa unang set, ipinakita nina Rondina at Pons ang kanilang kontrol sa laro at pinanatili ang momentum hanggang sa ikalawang set. Sa kabila ng pagtatangka ng kanilang mga katunggali na makabalik sa laban, nanatiling matatag ang tambalan hanggang sa makuha ang panalo.



PVN SPORTS

VOL. 09 ISSUE NO. 10 OCTOBER 05 - 11, 2026 ₱ 15.00

## PH nakasungkit ng 2 pang medalya sa Asian Games mula sa Athletics at E-sports

Nagdagdag ang Pilipinas ng dalawa pang bronzeng medalya sa 2026 Asian Games noong Linggo sa tulong nina John Cabang Tolentino sa athletics at ng Sibol Pokémon UNITE team.

Pumangatlo ang Olympian na si Cabang Tolentino sa men's 110m hurdles gamit ang kanyang season-best na 13.48 segundo upang dalhin sa 12 ang kabuuang medalya ng bansa.

Nagkasya rin sa tanso ang Sibol Pokémon UNITE team matapos magapi ng Indonesia sa semifinals.

Sa iba pang larangan, pumang-apat ang weightlifter na si Kristel Macrohon sa women's 69kg division habang yumukod naman ang Alas Pilipinas Men sa South Korea.

Nagwagi naman sa tennis ang tambalang Francis Alcantara at Shaira Rivera laban sa katambal mula sa Iran.

Nakatakda namang simulan ni Alex Eala ang kanyang kampanya ngayong Lunes habang sigurado na sa tanso ang sepak takraw women's team.



## Leylah Fernandez, tinalo si Talia Gibson sa Singapore Open

Tinalo ni Leylah Fernandez ng Canada si Talia Gibson ng Australia sa score na 7-5 6-0 noong Linggo upang angkinin ang korona sa Singapore Open at makuha ang ika-anim na WTA title ng kanyang karera.

Kumalas ang world number 31 na si Fernandez matapos makakuha ng maagang break sa unang set, ngunit tumangging sumuko si Gibson at dalawang beses na nakabangon mula sa break upang maging patas ang laban.

Naging matatag ang 24-anyos na si Fernandez sa huling bahagi ng set at agad na ginamit ang kanyang unang set point upang makuha ang unang set sa iskor na 7-5.

Pagkatapos nito ay pinadapa ni Fernandez ang kalaban sa ikalawang set, kung saan mabilis siyang nakakuha ng dalawang break habang unti-unting nawawala ang laban ni Gibson. Sa huli, tinapos ng Canadian ang set sa dominatibong 6-0 upang tuluyang maiuwi ang titulo.

Ang koronang ito ang ikalawang WTA 500 crown ni Fernandez pagkatapos ng kanyang panalo sa 2025 Mubadala DC Open, na nagpapatibay sa kanyang magandang ipinakita sa Singapore kabilang ang mga panalo laban sa kampeon ng French Open at top seed na si Mirra Andreeva at ang runner-up sa Roland Garros na si Maja Chwalinska.

Pumalya naman ang hangarin ni Gibson na makuha ang kanyang kauna-unahang tour-level title matapos makapasok sa pinal dahil sa pag-atras ni Tatiana Prozorova sa semi-final.

Nag-iwan pa rin ng magandang impresyon ang Australian sa kanyang paglalakbay patungong pinal, lalo na nang sorpresahin niyang talunin si Maria Sakkari sa quarterfinals.



## "Golden boy" Carlos Yulo, masayang ibinahagi ang pagkakasungkit ang dalawang gintong medalya sa 2026 Asian Games

Muling nagningning ang tinaguriang "Golden boy" na si Carlos Yulo nang makasungkit ito ng dalawang gintong medalya sa 20th Asian Games Aichi-Nagoya 2026. Ito ay kasunod ng kanyang tagumpay sa men's floor exercise noong Huwebesm na nagbigay rin sa Pilipinas na unang gintong medalya sa 2026 Asian Games.

Pinatunayan ng 26-year-old gymnast ang husay nito sa floor exercise at vault event sa men's artistic gymnastics na ginanap sa Nagoya General Gymnasium. Nagtala si Yulo ng average score na 14.599, daan upang manguna sa vault. Sa unang vault, nakakuha siya ng 14.733, habang 14.466 naman ang kanyang iskor sa ikalawang vault, na may 5.2 difficulty at 9.266 ang nakuha niyang iskor para sa execution. Samantala, nakapag-uwi rin ng bronze medal ang kanyang nakababatang kapatid na si Eldrew Yulo.

Matatandaan din na' nakapag-uwi si Yulo ng dalawang gintong medalya sa floor exercise at vault, noong nakaraang 2024 Paris Summer Games.



## Nesthy Petecio pasok na sa quarterfinals ng Asian Games

Pasok na sa quarterfinals ng 20th Asian Games sa Nagoya , Japan si Pinay boxer Nesthy Petecio.

Ito ay matapos na talunin si Mays Alreem Abukhadijah ng Jordan sa pamamagitan ng Referee stopped contest.

Ipinakita ng two-time Olympic medalist ang kaniyang lakas sa women's 60kg. class sa Nishio Gymnasium laban sa 20-anyos na kalaban.

Nangyari ang pagpapahinto ng referee sa natitirang 1:51 na oras sa ikalawang round.

Nakontrol ng 34-anyos na si Petecio ang bawat suntok ng Jordanian boxer.

Susunod na makakaharap ni Petecio si Chengyu Yang ng China. Makakasama ni Petecio ang ilang boksingero ng bansa na nakapasok na rin sa quarterfinals sa pamamagitan nina Carlo Paalam sa men's 55 kg class at makakaharap nito si Jiaomao Zhang.

Habang si Junmilardo Ogayre ay makakaharap si Olympic at World gold medalist Abdumalik Khalov mula sa Uzbekistan.

## Albert Ian Delos Santos, nagkamit ng bronze medal sa Asian Games; nagtala ng bagong Junior World Record

Matagumpay na nag-debut sa senior continental stage si Albert Ian Delos Santos matapos masungkit ang bronze medal sa men's 70kg weightlifting event ng 2026 Asian Games na ginanap sa Nagoya City Trade and Industry

Hindi lamang medalya ang naiuwi ng 20-anyos na Filipino weightlifter, kundi isang bagong junior world Asian record matapos magtala ng 183 kg sa cleran and jerk sa kanyang ikatlong attempt.

Nalampasan ni Delos Santos ang dati niyang junior world at Asian record na 180kg nang maiangat niya ang 181kg sa kanyang ikalawang attempt. Sa kanyang huling attempt, lalo pa niyang pinabigat ang hamon at matagumpay na naiangat ang 183kg upang muling basagin ang sarili niyang rekord.

Sa snatch, nakapagtala si Delos Santos ng 141kg , dahilan upang umabot sa 324kg ang kanyang kabuuang nabuhat at tuluyang masungkit ang ikatlong puwesto sa podium.

Naungusan niya si Uzbekistan's Adkhamjon Ergasev, na nagtapos sa ikaapat na puwesto na may kabuuang 318kg mula sa 142kg snatch at 176kg clean and jerk.

Samantala, nasungkit ni North Korea Ri Wun Ju ang gintong medalya matapos magtala ng 349kg, kabilang ang 151kg snatch at 198kg clean and jerk. Pumangalawa naman ang host country bet na si Masannori Miyamoto ng Japan na may 342kg total.

Ang bronze medal ni Delos Santos sa kanyang unang Asian Games appearance, kasabay ng pagtatala niya ng bagong junior world at Asian record.



## Gilas Women 3×3, silver medalist sa Asian Games

Nagtapos sa makasaysayang silver medal finish ang kauna-unahang Philippine women's 3×3 basketball team sa 2026 Asian Games matapos matalo sa host country na Japan, sa score na 21-11, sa gold medal match.

Bagama't hindi nasungkit ng Gilas Women ang gintong medalya, naging makabuluhan ang kanilang kampanya matapos makapasok sa finals at makapag-uwi ng silver medal sa kanilang unang pagsabak sa Asian.

Pinangunahan ni Yuki Hirashita ang Japan sa finals matapos magtala ng siyam na puntos, habang nagdagdag si Sakura Horiuchi ng walong puntos. Sina Yamamoto at Nishi ay kapwa nagtala ng tig-dalawang puntos para sa mga host.

Para sa Pilipinas, nanguna si Quinn Dela Rosa na may anim na puntos at tatlong rebounds. Nag-ambag naman sina Amyah Espanol ng tatlong puntos at Kennan Ka ng dalawang puntos, habang hindi nakapagtala si Pasilang.

